

PAANO KUNG MAGBAGO ANG ISIP KO?


Maaari mong palitan o ikansela ang iyong Maagang Tagubilin sa kahitanumang orashabang kaya mo pang ipahiwatig ang iyong mga ninanais. Upang palitan ang pangalan ng taong nais mong mag-desisyon ukol sa iyong pagpapagamot, kailangan mong pumimang isang pahayag o ipaalam sa doktor na nakatalaga sa iyong pangangalaga.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG IBANG TAO ANG MAGDEDESISYON SA AKING PAGPAPAGAMOT?

Magkatulad ang mga alituntunin na ginagamit sa taong itinalagang magdesisyon sa iyong pagpapagamot – isang ahente ng healthcare, pangalan ng isang tao na iyong ibinigay sa doktor, o isang taong itinalaga ng korte na magdesisyon para sa iyo.

Kinakailangang sumunod ang lahat sa iyong Tagubilin para sa Pangangalagang Pangkalusugan o kung wala nito, ang iyong kagustuhang pangkalahatan ukol sa pagpapagamot, kasama na ang pagtigil sa pagpapagamot.

Kung hindi nila alam ang iyong kagustuhan, kailangang alamin ng itinalagang tao kung ano ang mas nakabubuti para sa iyo. Nararapat sundin ng mga taong gumagamot sa iyo ang ahente o itinalaga mong tao maliban na lamang kung ang hinihiling na kagamutan ay labag sa medikal na propesyon o di kaya'y hindi makakatulong sa iyo. Kung ito ay nagdudulot ng di-pagkakaunawaan na hindi kayang lunasan, kinakailangang maghanap ang kasalukuyang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkulusugan ng ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkulusugan na papalit sa pamamahala ng iyong pagpapagamot.



GAGAMUTIN PA RIN BA AKO KUNG WALA AKONG MAAGANG TAGUBILIN?

Oo. Makakatanggap ka pa rin ng medikal na atensyon. Nais lamang naming ipaalam sa iyo na sa oras na ang iyong karamdaman ay sumagabal sa iyong paggawa ng desisyon, ibang tao ang dapat na gumawa nito para sa iyo.

Alalahanin na:

- Ang SPECIAL POWER OF ATTORNEY PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN ay ginagamit upang makapagtalaga ka ng isang ahente upang magdesisyon para sa iyo. Ang iyong ahente ay maaaring magbigay ng desisyon sa nakararaming bagay na ukol sa iyong pagpapagamot – at hindi ito limitado sa mga pagpapagamot upang ipagpatuloy ang iyong buhay --- kung saan hindi ka

makapagsalita para sa iyong sarili. Kung iyong nanaisin, maaari mo ring bigyang pahintulot ang iyong ahente na magbigay ng desisyon sa mas maagang panahon.

- MAAARI KANG GUMAWA NG ISANG INDIBIDWAL NA TAGUBILIN PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong mga ninanais sa pagpapagamot o sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor at paghiling sa kaniya na itala ang iyong mga kahilingan sa iyong talaang medikal. Kung alam mo kung kailan mo nanaisin o hindi nanaisin ang ilang uri ng mga pagpapagamot, ang isang Tagubili ay isang mabuting paraan upang ipagpaalam nang malinaw ang iyong mga kahilingan sa iyong doktor o kung sino man ang magdedesisyon tungkol sa iyong pagpapagamot.
- ANG DALAWANG URI NG MAAGANG TAGUBILIN ay maaaring gamitin nang magkasabay o magkahiwalay.

Upang isakatuparan ang Batas Pampubliko 101-508, inihanda ng California Consortium on Patient Self-Determination ang pulyeto na ito noong 1991; ito ay binago noong 2000 ng California Department of Health Services, na may kasamang impormasyon mula sa mga kasapi ng Consortium at iba pang mga grupo, upang maipakita ang pagbabago sa batas pang- estado.

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG HIGIT NA IMPORMASYON UKOL SA PAGGAWA NG MAAGANG TAGUBILIN?

Humiling ng karagdagang impormasyon mula sa iyong doktor, nars, panlipunang manggagawa o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang kumuha ng abogado upang magsulat ng isang maagang tagubilin para sa iyo o maaari mong kumpletuhin ang maagang tagubilin sa pamamagitan ng pagpuno ng mga patlang sa isang pormularyo.



PUB 325 (3/12)

ESTADO OF CALIFORNIA

AHENSYA NG SERBISYONG
PANGKALUSUGAN AT PANG-MAMAMAYAN

DEPARTAMENTO NG
SERBISYONG
PANGLIPUNAN



© 2001 State of California



Ang iyong Karapatang Magdesisyon Tungkol Sa Iyong Pagpapagamot



Ipinapaliwanag ng pulyeto na ito ang iyong karapatang mag-desisyon ukol sa iyong pangangalagang pangkalusugan at paano kayo makapagplano sa panahong hindi na kayo maaaring makapagdesisyon para sa iyong sarili.

Inaatasan kami ng batas pang-pederal na ibigay sa iyo ang impormasyong ito. Nawa'y makatutulong ang impormasyong ito na higitan ang iyong kapangyarihan sa iyong pagpapagamot.

SINO ANG NAGDEDESISYON SA AKING PAGPAPAGAMOT?

Magbibigay ang iyong doktor ng impormasyon at payo tungkol sa pagpapagamot. May karapatan kang mamili. Maaari kang um-OO sa mga pagpapagamot na nais mo. Maaari kang humindi sa anumang pagpapagamot na hindi mo gusto – kahit na ang kagamutang ito ay makapagpapahaba ng iyong buhay.



PAANO KO MALALAMAN KUNG ANO ANG GUSTO KO?

Dapat ipaalam sa iyo ng iyong doktor ang iyong medikal na kundisyon at kung ano ang magagawa sa iyo ng iba't ibang pagpapagamot at uri ng pamamahala ng sakit. Maraming mga kagamutan ang may “pangalawang epekto”. Nararapat ipag-alam sa iyo ng yong doktor ang mga impormasyon ukol sa mga problema na maaaring maidulot sa iyo ng kagamutan.

Kadalasan, higit sa isang uri ng pagpapagamot ang makakatulong sa iyo – at may iba't ibang opinyon ang mga tao kung ano ang higit na nakabubuti. Maaaring sabihin sa iyo ng doktor kung aling kagamutan ang puwede mong gamitin, ngunit hindi puwedeng mamili ang doktor para sa iyo. Nasa sa iyo ang desisyon na ito at naaayon ito sa kung ano ang importante sa iyo.

MAAARI BANG TUMULONG ANG IBANG TAO SA AKIN SA PAGGAWA NG DESISYON?

Oo. Kadalasang humihingi ang mga pasyente ng tulong sa pagdesisyon mula sa kanilang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan. Maaari kayong tulungan ng mga taong ito na pag-isipan ang mga alternatibo. Maaari niyong hilingin sa iyong mga doktor at nars na kausapin ang iyong mga kamag-anak at kaibigan. Maaari silang magtanong sa mga doktor at nars para sa iyo.

MAAARI KO BANG PILIIN ANG ISANG KAMAG-ANAK O KAIBIGAN UPANG MAGDESISYON AYON SA AKING PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA AKIN?

Oo. Maaari mong sabihin sa iyong doktor na nais mong ibang tao ang magdesisyon para sa iyo. Hilingin sa iyong doktor na itala ang taong ito bilang iyong “surrogate” sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong talaang medikal. Ang kapangyarihan ng iyong surrogate sa iyong mga desisyong medikal ay epektibo lamang sa iyong pagpapagamot para sa kasalukuyang sakit o kapinsalaan o, kung ikaw ay nasa medikal na

pasilidad, hanggang sa iyong pag-alis sa lugar na ito.

PAANO KUNG MAGING MALUBHA ANG AKING SAKIT AT HINDI AKO MAKAPAGDESISYON UKOL SA AKING PANGKALUSUGANG PANGANGALAGA?

Kung wala ka pang itinalagang “surrogate”, hihilingin ng iyong doktor ang pinakamalapit mong kamag-anak o kaibigan upang tumulong magdesisyon kung ano ang nararapat para sa iyo. Madalas ay sapat na ito. Ngunit minsan hindi nagkakasundo ang lahat sa nais nilang gawin. Kaya’t mas makakatulong kung mas maaga mong maipapahiwatig kung ano ang nais mong mangyari kung hindi ka na maaaring makapagsalita para sa iyong sarili.

KAILANGAN KO BANG MAGHINTAY NA MAGKASAKIT AKO UPANG IPAHAYAG ANG AKING MGA KAHILINGAN UKOL SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN?

Hindi. Sa katunayan, mas mainam na pumili ka bago ka magkaroon ng malubhang sakit o bago ka pumunta ng ospital, nursing home o iba pang pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mong gamitin ang Maagang Tagubilin para sa Pangangalagang Pangkalusugan para sabihin kung sino ang nais mong magsalita para sa iyo at anong uri ng pagpapagamot ang nais mo. Tinatawag ang mga dokumento na ito na “maaga” dahil hinahanda mo ang mga ito bago pa kinakailangang magdesisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinatawag silang “tagubilin” dahil isinasaad ng mga ito kung sino ang magsasalita para sa iyo at kung ano ang dapat gawin.

Sa California, ang parte ng Maagang Tagubilin na maaari mong gamitin upang magtalaga ng ahente para magdesisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan ay tinatawag na Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ang parte kung saan maaari mong ipahiwatig kung ano ang nais mong gawin ay tinatawag na Indibidwal na Tagubulin para sa Pangangalagang Pangkalusugan.

SINO ANG MAAARING GUMAWA NG ISANG MAAGANG TAGUBILIN?

Maaari mo itong gawin kung ikaw ay 18 taong gulang pataas at may kakayahan kang magdesisyon sa mga usaping medikal. Hindi mo kinakailangan ng isang abogado.

SINO ANG MAAARI KONG ITALAGA BILANG AKING AHENTE?

Maaari kang pumili ng isang kamag-anak o kahit sinong taong may sapat na gulang na pinagkakatiwalaan mong magsasalita para sa iyo kung kailangang magdesisyon sa mga usaping medikal.

KAILAN NAGSISIMULANG MAGDESISYON SA MGA USAPING MEDIKAL ANG AKING AHENTE?

Kadalasan ang ahente ng pangangalagang pangkalusugan ay magdedesisyon lamang matapos mawala ang iyong kakayahang magdesisyon. Ngunit kung iyong nais, maaari mong ipahayag sa iyong Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan na nais mong magsimula agad ang paggawa ng desisyon.

PAANO MALALAMAN NG AKING AHENTE KUNG ANO ANG AKING KAGUSTUHAN?

Matapos mong piliin ang iyong ahente, kausapin mo siya tungkol sa iyong kagustuhan. Minsan mahirap gumawa ng desisyon ukol sa pagpapagamot at labis na nakakatulong kung alam ng ahente ang iyong kagustuhan. Maaari mo rin isulat ang iyong mga kahilingan sa iyong maagang tagubilin.



PAANO KUNG AYAW KONG MAGTALAGA NG ISANG AHENTE?

Maaari mo pa rin isulat ang iyong mga kahilingan sa iyong maagang tagubilin at hindi magtalaga ng isang ahente. Maaari mong sabihin na nais mong pahabain, hangga’t maaari, ang iyong buhay. O maaari mong sabihin na ayaw mo ng pagpapagamot na magpapatuloy ng iyong buhay. Maaari mo rin ipahiwatig ang iyong mga kahilingan ukol sa paggamit ng mga kagamutan sa pagpapaginhawa ng sakit o kahit anumang uri ng pagpapagamot.

Kahit na hindi mo pa sinasagutan ang Indibidwal na Tagubilin para sa Pangangalagang Pangkalusugan, maaari mong kausapin ang iyong doktor tungkol sa iyong mga kahilingan at hilingin sa kaniya na itala ang mga ito sa iyong talaang medikal. O maaari mo ring kausapin ang iyong mga kapamilya o kaibigan tungkol sa iyong mga kahilingan. Ngunit mas madali sigurong sundin ang iyong mga kahilingan kung isulat mo ang mga ito.